

# FACT SHEET: Mga Highway

## US 101/SR 25 Interchange – Phase 1

### Pangkalahatang ideya

Ang kasalukuyang US 101/SR 25 interchange, na nasa timog ng Gilroy sa Santa Clara County, ay mahigit nang tatlumpung taon ang tanda. Hindi na kayang pagkasyahin dito ang pangangailangan sa trapiko dahil sa biglang pagdami ng sumasakay, komersyal, at trapikong panlibangan na dumadaan sa bahaging ito. Ang mga kundisyon na ito, kasama na ang mabibilis ng takbo ng mga sasakyan, ay naging sanhi ng pagtaas ng mga aksidente sa bahagi ng interchange, at biglang pagdami ng trapiko patungong southbound US 101.

Ihahanda ng Phase 1 na proyekto ang implementasyon sa hinaharap ng pangkalahatang muling pagsasaayos ng interchange sa bahagyang gawing timog ng kasalukuyang interchange. Dahil sa Phase 1 magiging posible ang mga pagpapabuti sa hinaharap ng US 101 SR 25, SR 152, at magbibigay ng lugar na pagdudugtungan sa interchange para sa ekstensyon ng Santa Teresa Boulevard hanggang sa Castro Valley Road sa hinaharap.

### Mga Layunin

- Pagaayos ang pagkokonekta sa pagitan ng US 101 at SR 25
- Pabutihin ang mga operasyon ng trapiko sa kahabaan ng US 101 at SR 25 sa pagdadagdag ng mga signal at storage ng rampa
- Pagbutihin ang pangkaligtasan sa loob ng bahagi ng interchange sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagsikip dahil sa pagdami ng mga sasakyan sa rampa patungong southbound US 101 at magbigay ng pinahusay na access para sa mas ligtas na pagsasanib ng daan
- Suportahan ang pangkalahatang pagsasaayos ng interchange sa hinaharap, kabilang na ang pagpapalapad ng US 101 at SR 25, mga pagpapasulong ng SR 152 sa pagitan ng US 101 at SR 156 sa hinaharap

### Mga Tampok sa Proyekto

Gagawing muli ng Phase 1 ang konstruksyon ng US 101/SR 25 interchange na nasa bahagyang hilaga ng kasalukuyang interchange.

- Papalitan ang SR 25 na dalawang linyang sangangdaan sa ibabaw ng isang apat na linyang sangangdaan sa ibabaw ng buong US 101
- Pahahabain ang rampang southbound US 101 hanggang sa SR 25 para mabawasan ang mga pagsikip ng trapiko patungong US 101
- Pabubutihin ang mga rampang northbound US 101 para sa maayos na pag-merge ng sasakyan
- Maglalagay ng mga bagong signal ng trapiko sa rampang sangang-daan para pagaanin ang daloy ng trapiko

Pag nagkakaroon ng dagdag na pondo, magkakaroon ng iskedyul ng mga phase ng pagpapahusay ng interchange sa hinaharap. Kasama sa mga pagpapabuti sa hinaharap ang pagbabago ng interchange para gawing partial cloverleaf o kumpigurasyong rampang hugis diyamante na may potensyal na tuwirang mga connector, mga frontage road para sa access ng lokal at bisikleta, at pagbabago ng lebel ng kalsada na maghihiwalay ng SR 25 mula sa Union Pacific Railroad sa silangan ng US 101


Ang pangkalahatang proyekto ay isasama sa Valley Transportation Plan (VTP) 2040 Highway Program.

*Pagpapatuloy*

**Project Partners**

Valley Transportation Authority · SBCOG Council of San Benito County Governments · Caltrans · Roads & Airports Department

# US 101/SR 25 Interchange Improvement Project




## Pagpopondo

Tinatayang humigit-kumulang $100 milyon ang kabuuang halaga ng Phase 1 para sa disenyo, mga update sa kapaligiran, mga pagbili ng right-of-way na ari-arian, at konstruksyon. Popondohan ang proyekto kasama ng mga pondo ng VTA 2016 Measure B, State SB-1, at mga lokal na pondo.

## Iskedyul

| | |
|---|---|
| Disenyo: | Taglagas 2019 - Taglamig 2022 |
| Update sa Kapaligiran: | Taglagas 2019 - Tag-araw 2021 |
| Konstruksyon: | Spring 2023 - Tag-araw 2025 |

## Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit pang impormasyon sa proyektong ito, mangyaring tumawag sa Community Outreach ng VTA sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330, o community.outreach@vta.org. Ang website ng proyecto ay www.vta.org/sr25.